# Paunawa sa Publiko

Ang pagboto sa opisina para sa Ika-5 ng Nobyembre, 2024, Presidensyal na Pangkalahatang Eleksyon ay magsisimula sa Lunes, Ika-7 ng Oktubre sa Tagapagrehistro ng mga Botante sa County ng San Diego na matatagpuan sa 5600 Overland Avenue, Suite 100, San Diego, CA, 92123 sa County Operations Center campus sa Kearny Mesa.

- Ang opisina ng Tagapagrehistro ay magbubukas para sa pagboto mula Lunes hanggang Biyernes, ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon.
- Simula Sabado, Ika-26 ng Oktubre, ang opisina ng Tagapagrehistro at piling mga vote center sa county ay magbubukas araw-araw para sa pagboto mula ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon.
- Simula Sabado, Ika-2 ng Nobyembre, higit 200 mga vote center (kasama ang opisina ng Tagapagrehistro) ang magbubukas araw-araw para sa pagboto mula ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon hanggang sa huling araw ng botohan, Ika-5 ng Nobyembre, kung saan ang oras ng botohan ay mababago mula ika-7 ng umaga hanggang ika-8 ng gabi.

Pagsusuri sa Lohika at Ganap na Kawastuhan ng Sistema ng Pagboto:

- Inaasahang magsisimula sa Ika-24 ng Setyembre mula ika-8:30 ng umaga hanggang ika-4:30 ng hapon, araw-araw o hanggang sa makumpleto.

Pagproseso ng mga Balotang Pangkoreo:

- Inaasahang magsisimula ang pagbeberipika ng mga pirma sa mga sobreng pagbabalikan sa Ika-10 ng Oktubre.
- Inaasahang magsisimula ang pagbubukas at paghahanda para sa tabulasyon ng mga pangkoreong balota sa Ika-14 ng Oktubre.
- Inaasahang magsisimula ang pag-scan ng balota sa Ika-24 ng Oktubre.
- Inaasahang magsisimula ang adyudikasyon ng balota sa Ika-28 ng Oktubre.

Ang mga resulta ng botohan ay ipo-post sa sumusunod na iskedyul:

- Pagkatapos ng ika-8 ng gabi, Martes, Ika-5 ng Nobyembre (matapos magsara ang mga vote center, ang pana-panahong pag-update ng mga resulta ay magpapatuloy buong gabi hanggang sa mai-report ang lahat ng mga balota ng mga vote center).
- Pagkatapos ng gabi ng eleksyon, ang susunod na pag-update sa mga hindi opisyal na resulta ay ipo-post ayon sa sumusunod na iskedyul:
    - Pagsapit ng ika-6 ng gabi, Huwebes, Ika-7 ng Nobyembre hanggang Sabado Ika-9 ng Nobyembre.
    - Pagsapit ng ika-6 ng gabi, Lunes/Miyerkules/Biyernes, Ika-11 ng Nobyembre hanggang sa Ika-15 ng Nobyembre.
- Maaaring magkaroon ng mga karagdagang pagpo-post ayon sa pagpapasya ng Tagapagrehistro ng mga Botante.

Mangyaring tandaan na ang opisina ay magsasara sa Ika-28 at Ika-29 ng Nobyembre bilang pag-obserba sa Thanksgiving Holiday.

Ang lahat ng mga resulta ay hindi opisyal hanggang sa makumpleto ang opisyal na canvass ng eleksyon sa o bago mag Ika-5 ng Disyembre.

Pinapayagan ang pampublikong obserbasyon sa alinman sa mga proseso na inilarawan sa itaas. Kung kayo ay mayroong organisadong grupo ng mga boluntaryo at nais i-coordinate ang mga aktibidad ng inyong grupo para mag-obserba, kontakin kami sa 858-565-5800.